Grade 7 Filipino

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Diwa ng Talata

Ang **diwa ng talata** ay ang motibasyon ng sumusulat, kung saan ito nakabase o kung ano ang nais na paraan ng pagpapahayag ang nais na gawin ng sumusulat; may mga uri ng pagpapahayag na pwedeng pagkunan o pagbasehan ng sumusulat: paglalarawan, pagsasalaysay, paglalahad at pangangatwiran.

Nakabubuo tayo ng mga pangungusap sa bawat salitang nagmumula sa ating bibig ayon sa kung ano ang nais nating sabihin. At sa pagbuong ito, mas higit na nagiging makabuluhan ang mga salitang ating ginagamit sapagkat nagkakaroon ng linaw ang mensahe na nais nating ipahatid sa ating kausap.

Sa pagbuo natin ng pangungusap, mapapansin nating hindi sapat ang isa lamang na pangungusap upang ipahayag natin ang mensaheng nais nating iparating. Dahil dito, bumubuo pa tayo ng ilang mga pangungusap upang higit na mas maging mainam at makabuluhan ang mensaheng nais nating ihatid sa ating kausap. Sa pamamagitan nito, nauunawaan tayo at nagiging epektibo ang diwa na nais nating ipahayag sa ibang tao. Nang sa gayon ay lubos tayong maunawaan at maging epektibo ang diwa ng talata na nais nating ipahayag.

Ang etimolohiya ng salitang talata ay tala, na ang ibig sabihin ay mga nasulat na mahahalagang ideya / kaisipan kagaya ito ng mga naisulat na kasaysayan ng tao, lahi, mga record na may kinalaman sa pag-aaral ng

siyensiya, mga likhang literatura ng mga sikat na awtor, mga komposisyon, at marami pang iba na nagdulot ng maraming pagbabago sa ating buhay.

Ito ang dahilan kaya hanggang ngayon ay nakikilala pa natin ang mga taong nabuhay noong mga unang panahon na naging tanyag sa kani-kanilang mga napiling larangan. Tulad halimbawa ni Rizal na ating pambansang bayani, sa kanyang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. At marami pang taong nakilala sa panitikan, sining, siyensiya at marami pang iba. Sila ang mga taong nagsulat ng kanilang mga sariling akda at maaari ring may nagsulat para sa kanilang magagandang kontribusyon sa mundo upang hindi sila malimutan ng susunod na henerasyon.

Mula sa mga salitang ating ginagamit, nakabubuo tayo ng mga pangungusap upang mabuo natin ang diwa ng mga nais nating ipahayag. At sa pagbuo natin ng mga pangungusap upang idiskas ang buong diwang nais nating ipahayag bumubuo tayo ng isang talata. Samakatuwid ang talata ay binubuo ng mga pangungusap upang maipahayag natin nang lubusan ang ating mensahe sa ating kausap o sa bumabasa ng ating isinulat

Mahalagang malaman ang dahilan kung bakit tayo nagsusulat. Para sa mga taong mahilig magsulat ng bawat mahahalagang pangyayari sa kanyang buhay, gumagamit siya ng diary. Itinatala niya ang nangyayari upang magsilbing alaala sa kanyang buhay. Mayroon ding nagsusulat ng mga balita upang ipabatid sa mga tao ang nangyayari sa ating paligid. May mga taong mahilig gumawa ng kwento upang ilimbag sa mga libro. Mayroon din namang nagsusulat dahil ito ang kanyang libangan.

Kahit anuman ang motibo, bawat isa ay may dahilan sa pagsusulat. Dito natin maipapasok ang diwa ng talata. Sa ating pagsusulat, mahalagang itanong mo sa iyong sarili kung bakit ka nagsusulat? Para saan ang iyong isinusulat? Ano ang mensaheng nais mong ipahatid? Kapag malinaw sa iyo ang mga bagay na ito, ang talatang iyong sinusulat ay nagkakaroon ng kahulugan.